


*Para sa karagdagang kaalaman, sumangguni sa:*

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources

**NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER**

Bonuan Binloc, Dagupan City

Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax: (075) 653-0385

E-mail : bfarniftdc@yahoo.com; westlyrosario@ymail.com

Facebook & twitter account: aquatechdocwestly@yahoo.com


## Organikong Pagpapakain ng Isda

# Paggawa ng Binurong Darak (D1)

Dr. Westly R. Rosario




**NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER**

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources

Department of Agriculture

Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax No.: (075) 653-0385

**Published by the ASIAN FISHERIES ACADEMY**

E-mail : asianfishacademy@yahoo.com

Tel. No.: (075) 653-8851

# Mga Paraan sa Paggawa ng Binurong Darak (D1)

## PANIMULA

Ang halaga ng komersyal na pagkain ay naging napakalaking bagay na maaaring magpababa ng kita sa pag-aalaga ng bangus. Kailangang malaman ang mga angkop na paraan upang mapababa ang gastos ng pagpapakain upang maitaas ang pakinabang sa pag-aalaga ng bangus.

Isang solusyon ay ang makagawa ng alternatibong suplemental na pagkain upang mabawasan ang gastos sa pagpapakain. Kailangang magkaroon ng isang pagkain na madaling ihanda ng namamalaisdaan gamit ang lokal na materyales o sangkap.

Ang binurong darak (D1) ay ipinakikilala na materyal pang-alternatibong pagkain ng isda. Ang darak ay dagdag-produkto mula sa paggiling o pagkiskis ng palay upang maging bigas. Madali itong makuha o mabili ng mga namamalaisdaan sa lokal na pamilihan.

Ang pinong darak (D1) ay nagtataglay ng 13% na protina. Ang presyo nito ay may mababang halaga sa Php10 bawat kilo kung ihahambing sa komersyal na pagkain. Ang darak ay nagagawang madaling tunawin ng isda sa pamamagitan ng pagbuburo o fermentasyon.



# Kahalagahan ng paggamit ng binurong darak o D1

Sa pagbuburo ng pinong darak, inaasahan na:

1) tataas ang nilalamang protina ng darak

2) gagawin nitong madaling tunawin ang darak, at

3) maaari nitong gawin ang darak na mabisang organikong abono.

Mataas ang possibilidad na ang binurong darak (D1) ay mabisang dagdag o supplemental na pagkain para sa pagpapalaki ng bangus. Ang binurong darak ay epektibo upang gawing organikong abono.

Ang paggamit ng binurong darak (D1) ay magpapababa ng namamalaisdaan ang gastos sa pagpapakain sa kalahati ng normal na gastos kung gamit ay komersyal na pagkain. Samakatuwid, bababa ang gastos at posibleng makakuha ng 50 pursiyentong tubo o pakinabang mula sa kabuoang benta o pinagbilhan ng bangus.

H. Ilagay ang isinako sa malamig o di naaarawang lugar

I. Maghintay ng 10 araw

L. Hanguin ang binurong darak, durugin ang namuong sangkap. Ito na ngayon ang istarter.



M. Sa paggawa ng binurong darak o D1, sundan o gawin ang mga hakbangin sa preparasyon ng istarter. Kaya lamang, gumamit ng dalawang kilong istarter sa paghahalo sa halip na dalawang kilong manyur ng manok.

N. Ang pagbuburo ay tumatagal ng pitong araw.





# Ang paggawa ng binurong darak

**Materyales at kasangkapan na kailangan**

10 kilo ng pinong darak (D1)



2 kilo ng tuyong tae o manyur ng manok



2.5 kilo ng tubig



Banyera na paghahaluan



Timbangan



Timba o palanggana na gagamitin sa



sako na pag-iimbakan ng binurong darak (D1)



# Paano ang paggawa ng istarter

A. Maghanda ng 10 kilo ng pinong darak (D1)sa isang banyera.





B. Haluan ng dalawang kilo na tuyong tae ng manok ang darak





K. Paghaluing mabuti ang pinong darak (D1) at ang tae ng manok.





D. Lagyan ng dalawa at kalahating kilong tubig (2.5 na litro o tabo





E. Haluing mabuti hanggang ang mga materyales ang pagkakamasa-masa





G. Ilagay ang halo o mistura sa sako o tapayan



